

CONVEYOR

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION

Tomo 6 Isyu 2 Abril - Hunyo 2026

Bolo Food Processing Facility Extension, Pormal Nang Natapos

Pahina 11



**Concrete Hollow
Blocks Facility,
Pormal Nang
Tinanggap ng BFP AI**

Pahina 5

**SMPC-CAA II,
Pinarangalan sa
Kabayanihang
Ipinamalas sa Oil Spill
Response**

Pahina 6

**SMPC, Nakilahok
sa PLASTIKalikahan
2026**

Pahina 9



Ruben P. Lozada

Vice President for Mining Operations and Resident Manager

Maayong adlaw kaninyong tanan!

Nais kong simulan ang aking mensahe ng paghatid ng pagsasalamat sa inyong lahat sa walang-sawang suporta ninyo sa SMPC. Ang inyong suporta ay ang dahilan sa pagkamtan ng ating mga tagumpay. Asahan ninyong ang SMPC ay kasama ninyo sa inyong layunin sa isang mas masaganang bukas.

Sa pagpasok ng ikalawang kwarter ng taon, naipagpatuloy natin ang mga programa para sa komunidad. Ang bawat inisyatibong nagagawa namin ay patunay na kapag ginampanan natin ang ating tungkulin nang may integridad at malasakit, magiging posible ang makabuluhang pagbabago. Makakaasa kayong patuloy ang ganitong dedikasyon hindi lang para sa kumpanya, kundi para sa mamamayan.

Kaya naman hinihikayat ko ang lahat na patuloy ang ating positibong ugnayan at kung may mga nais kayong idulog sa amin ay maaaring ipaalam sa aming opisina. Para sa mas matatag at maunlad na komunidad!

Maraming salamat sa inyong patuloy na suporta.



Creslito D. Bangalao

Administrative Division Manager

Magandang araw sa ating komunidad!

Sa likod ng operasyon ng SMPC ay may layunin na makapaghatid ng mga programang makakatulong sa ating komunidad. Kabilang dito ang mga proyektong naka-tugon sa kalusugan, kalikasan, at kabuhayan. Lahat ng ito ay matagumpay na naisasagawa dahil sa inyong suporta sa kumpanya.

Kabilang sa mga programang ito ay ang pagpapalawak ng Bolo Food Processing Facility, pagkakaloob ng Concrete Hollow Block Facility sa Biray Farmers, at pamimigay ng 38-foot passenger boat sa Brgy. Alegria. Bukod dito, matagumpay din nating naihatid ang libreng serbisyong medikal sa mahigit 400 residente. Patuloy din tayong sumuporta sa mga kabataan sa pamamagitan ng Brigada Eskwela at Palarong Pambarangay. Mababasa ninyo sa pahayagang ito ang iba pang detalye ng mga aktibidad na naisagawa natin.

Kayo ang aming inspirasyon upang maghatid ng mga programa na makakatulong sa komunidad, kasabay nito ang pagtupad ng aming misyong makapaghatid ng maayos na operasyon at makapag-ambag sa energy security ng ating bansa.

Muli, sa ngalan ng Patnugutan ng Conveyor, maraming salamat!

CONVEYOR

Editorial Adviser: Engr. Ruben P. Lozada
Editor in Chief: Creslito D. Bangalao
Managing Editor: Justine P. Balbin
Associate Editor: Myrla O. Delos Angeles
Editorial Assistant: Charles Audrey G. Concepcion
Layout & Design: Jan Carlo P. De La Peña

Section Editors:
 Justine P. Balbin
 Ben S. Lawangon
 Catherine G. Lim
 Romeo B. Malixi
 Annaliza F. Patingan
 Almar G. Valdemar
 Joie E. Ebon

Writing and Photo Contributors:
 Lorbec Anne S. Navallasca
 Antonette T. Lozano
 Gay Mariel Lopez
 Richie Delos Santos
 John Renel Zulueta



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF ENERGY



MGA NILALAMAN

02 Mensahe	06 PCG Sub-Station Semirara, Nakatanggap ng hard hats mula sa SMPC	09 SMPC, Nakilahok sa PLASTIKalikan 2026
03 Mahigit 400 Benepisyaryo, Nakinabang sa Q2 Medical Mission ng SMPC	07 SMPC-CAA II, Pinarangalan sa Kabayanihang Ipinamalas sa Oil Spill Response	Organic Compost, Tinanggap ng BLGU-Semirara
04 Safety Operation Training, Isinagawa para sa mga Drivers at Operators ng SMPC	08 Unang Food Safety Webinar ng DOST, Dinaluhan ng 17 Benepisyaryo	10 SMPC, Katuwang sa Pagbubukas ng Palarong Pambarangay 2026
05 Q1 2026 MMT Meeting: SMPC, Pinagtibay ang Pangangalaga sa Kalikasan	11 Bolong Food Processing Facility Extension, Pormal Nang Natapos	12 Sustainability Puzzle
Concrete Hollow Blocks Facility, Pormal Nang Tinanggap ng BFAI	SMPC, Muling Nagsagawa ng Terrestrial Flora at Fauna Monitoring	



Mahigit 400 Benepisyaryo, Nakinabang sa Q2 Medical Mission ng SMPC

Muling isinagawa ng SMPC ang libreng medical mission noong May 20-22, 2026 sa Sitio Poocon, Brgy. Tinogboc. Mahigit 400 benepisyaryo ang nakinabang sa libreng check-up, dental at optical services, at minor surgery. Namigay rin ng libreng gamot para sa mga residente.

Naging matagumpay ang programang ito sa tulong ng JCI Antique Kruhay, Philippine Air Force Tactical Operations Group 6, DWSSII Alumni Association, at mga volunteer medical professionals.

Taos-pusong pasasalamat naman ang ipinaabot ng mga benepisyaryo at pamunuan ng Foursquare Gospel Church sa nasabing inisyatibo. Sa pamamagitan ng mga ganitong programa, patuloy na pinagtibay ng SMPC ang pangako nitong maging katuwang sa pagtataguyod ng mas malusog at matatag na pamayanan.



**KALIGTASAN AT
KALUSUGAN**





Safety Operation Training, Isinagawa para sa mga Drivers at Operators ng SMPC

Nagsagawa ng Safety Operation Training para sa Heavy Equipment na dinaluhan ng 104 drivers at operators mula sa Mine Truck and Shovel Operations (MTSO) Department noong May 13 hanggang 23, 2026 sa IMS Training Room.

Sa pangunguna ni Maxima Trainer Runeil P. Tesoro, tinalakay sa pagsasanay ang tamang pagpapatakbo ng mabibigat na makinarya, mahigpit na pagsunod sa safety standards, at ang responsibilidad ng bawat operator sa trabaho. Nilalayon din ng programa na

ihanda ang mga kalahok para sa Komatsu Equipment Certification.

Layunin ng programang ito na mas palawakin at pagtibayin ang kulutura ng kaligtasan at mas maging responsable ang bawat isa sa pang araw-araw na operasyon.



KOMUNIDAD



Passenger Boat para sa Brgy. Alegria, Sinuportahan ng SMPC

Pormal nang nakumpleto ang pagbuo ng isang 38-foot passenger boat sa Brgy. Alegria, Caluya, Antique noong April 21, 2026, sa tulong ng mga materyales na ipinagkaloob ng SMPC.

Ang nasabing bangka ay may kapasidad na 20 katao o isang toneladang karga. Ito ay magsisilbing pangunahing transportasyon para sa mga transaksyon sa karatig-isla at mabilis na pagresponde tuwing may rescue operations.

Ang programang ito ay pinangunahan ng BLGU Alegria, katuwang ang mga lokal na residente.





Q1 2026 MMT Meeting: SMPC, Pinagtibay ang Pangangalaga sa Kalikasan

Isinagawa ng SMPC ang 1st Quarter Multi-Partite Monitoring Team (MMT) Meeting noong April 28-20, 2026 sa Semirara Island. Ang aktibidad na ito ay isinasagawa upang mas mapangalagaan ang kalikasan, kasama ang pamahalaan at iba't ibang stakeholders.

Sa loob ng tatlong araw, sinuri ng grupo ang mga teknikal na ulat at nagsagawa ng aktuwal na inspeksyon sa minahan upang matiyak ang mahigpit na pagsunod sa Environmental Compliance Certificate (ECC). Tinutukan din ang mga ulat gaya ng Sediment Transport Modeling at Underwater Assessment na pormal na nagtapos sa paglagda ng Compliance Monitoring Report.

Sa pamamagitan ng regular na ugnayang ito, patuloy na pinatutunayan ng SMPC at mga katuwang nito ang sama-samang pananagutan sa responsableng operasyon at pagsusulong ng napapanatiling pag-unlad sa komunidad.



Concrete Hollow Blocks Facility, Pormal Nang Tinanggap ng BFPAL

Pormal na ini-turn over ng SMPC ang isang Concrete Hollow Blocks (CHB) Facility sa Biray Farmers and Planters Association, Inc. (BFPAL) sa Sitio Bunlao, Brgy. Alegria, Caluya, Antique noong April 21, 2026.

Kasabay nito ay nagbigay rin ng tig-dalawang unit ng CHB Machine No. 4 at CHB Machine No. 6. Inaasahan na makikinabang ang 9 na benepisyaryo mula sa BFPAL para mas mapabilis at mapadami ang kanilang produksyon ng hollow blocks.

Ang inisyatibong ito ay bahagi ng patuloy na pagsusulong ng kumpanya na magbigay oportunidad para sa host communities nito at mapaunlad ang kanilang pamumuhay tungo sa mas matatag na kinabukasan.



PCG Sub-Station Semirara, Nakatanggap ng hard hats mula sa SMPC

Nakatanggap ng 7 hard hats ang Philippine Coast Guard (PCG) sub-station mula sa SMPC noong June 10, 2026.

Pormal na tinanggap ni SNI JG Mirasol ang nasabing donasyon na naglalayong mapalakas ang kaligtasan at proteksyon ng mga tauhan ng PCG sa kanilang araw-araw na pagtupad sa tungkulin at pagbabantay sa komunidad.

Ipinaabot naman ng PCG ang kanilang pasasalamat sa pamunuan ng SMPC para sa patuloy nitong pagsuporta.



SMPC-CAA II, Pinarangalan sa Kabayanihang Ipinamalas sa Oil Spill Response

Pinarangalan ng 3rd Infantry (Spearhead) Division ng Philippine Army ang mga miyembro ng Citizen Armed Force Geographical Unit Active Auxiliary (CAA-II) ng SMPC at 61st Infantry (Hunter) Battalion sa isinagawang Awarding Ceremony and Talk to Troops sa Brgy. Semirara, Caluya, Antique noong May 27, 2026.

Sa pangunguna ni 3rd Infantry Division Commander Major Gen. Michael G. Samson, ginawaran ng Bronze Cross at Military Merit Medals ang 102 military personnel. Ito ay bilang pagkilala sa kanilang katapangan at dedikasyon sa pagtugon at pagpigil sa epekto ng MT Princess Empress oil spill sa Caluya Group of Islands noong 2023.

Ang parangal na ito ay sumasalamin sa matibay na ugnayan ng SMPC at Philippine Army sa paglilingkod sa bayan. Higit sa mga medalya, isa itong pagpupugay sa sakripisyo ng mga rumesponde upang mapangalagaan ang kalikasan at umalalay sa mga apektadong komunidad sa gitna ng mapanganib na operasyon.





SMPC at DTI Antique, Naghatid ng Skills Training para sa mga Livelihood Groups

Bilang suporta sa sektor ng kabuhayan, nagsagawa ang SMPC, katuwang ang Department of Trade and Industry (DTI) Antique, ng Food Packaging, Labeling, at Meat Processing Training para sa mga livelihood groups sa Semirara Island noong April 27-29, 2026 sa Meat Shop Facility.

Dinaluhan ito ng mga miyembro ng Semirara Caluya Women's Association, Inc. (SCWAI), mga kawani ng Poultry Agrofarm sa Bunlao, at kinatawan mula sa Reforestation and Handicraft Program ng ESG Department. Sa patnubay ng

mga eksperto mula sa DTI, sumailalim ang mga kalahok sa lectures at hands-on activities upang matutunan ang wastong packaging, labeling, at paggawa ng value-added meat products gaya ng tocino, longganisa, embutido, siomai, at molo balls.

Layunin ng programa na mabigyan ang mga kalahok ng karagdagang kasanayan upang makalikha ng mga dekalidad at market-ready na produkto.



Unang Food Safety Webinar ng DOST, Dinaluhan ng 17 Benepisyaryo

Matagumpay na idinaos ang kauna-unahang Food Safety Handling Webinar ng Department of Science and Technology (DOST) para sa 17 benepisyaryo sa Brgy. Semirara, Caluya, Antique noong April 23, 2026.

Sa pangunguna nina Ms. Bernarica Fusin at Julie Ann Amancio, tinalakay sa programa ang tamang paghawak ng pagkain, pag-iwas sa food contamination, wastong sanitation practices, at temperature control. Dinaluhan ito ng 10 miyembro ng Bolo Livelihood Association Inc. na gumagawa ng seaweed chips, at 7 tauhan mula sa Reforestation Section ng ESG Department.

Ang nasabing webinar ay isang mahalagang hakbang upang mapalakas ang kakayahan ng mga benepisyaryo sa paglikha ng mga produktong pagkain na mas ligtas, dekalidad, at mapagkakatiwalaan ng merkado.





Bayanihan sa Paaralan: SMPC, Nakiisa sa Brigada Eskwela 2026

Nakiisa ang SMPC sa Brigada Eskwela 2026 sa 8 paaralan sa Brgy. Semirara, Alegria, at Tinogboc noong June 1-5, 2026.

Tumulong ang mga volunteer mula sa SMPC sa paglilinis, pagpipintura, at pagsasaayos ng mga pasilidad. Bukod dito, nagkaloob din ang kumpanya ng mga pintura, paint



brushes, LED bulbs, gripo, cleaning tools, mga kahoy na upuan, at iba't ibang aklat bilang paghahanda sa ligtas at maayos na pagbubukas ng panibagong taong panuruan.

Higit sa pagpapaganda ng mga paaralan, ang inisyatibong ito ay patunay ng patuloy na suporta ng SMPC sa sektor ng edukasyon. Pinatitibay nito ang diwa ng bayanihan at pakikiisa ng komunidad tungo sa mas maliwanag na kinabukasan ng bawat mag-aaral.



KAPALIGIRAN

SMPC, Muling Nagsagawa ng Terrestrial Flora at Fauna Monitoring

Bilang bahagi ng patuloy nitong pangangalaga sa kalikasan, muling isinagawa ng SMPC ang Terrestrial Flora and Fauna Monitoring sa Brgy. Semirara, Caluya, Antique noong May 29-June 2, 2026. Mula 2024, regular itong isinasagawa dalawang beses kada taon upang masubaybayan ang kalagayan ng biodiversity sa loob at paligid ng operasyon ng kumpanya.

Katuwang ang Gaia South Inc. at mga environmental specialists ng SMPC, isinagawa ang assessment sa 23 flora at 14 fauna monitoring stations. Naitala rito ang 85 species ng halaman at 108 species ng wildlife, kabilang ang mga endemic at threatened species. Kapansin-pansin din ang pagtaas ng bilang ng mga naitalang ibon—mula 749 sa nakaraang monitoring tungo sa 1,622—na nagpapatunay sa patuloy na pagbuti ng kanilang natural na tirahan sa isla.

Ang assessment na ito ay nagsisilbing patunay sa dedikasyon ng kumpanya na pangalagaan ang kalikasan kasabay ng pagsusulong ng napapanatiling pag-unlad sa Semirara Island.





SMPC, Nakilahok sa PLASTIKalikasan 2026

Nakiisa ang SMPC sa PLASTIKalikasan 2026 sa pamamagitan ng isang coastal clean-up activity sa Brgy. Semirara, Caluya, Antique noong June 18, 2026.

Sa kabuuan, 227 ang mga volunteers na sumali upang linisin ang seawall mula sa Sitio Banwa hanggang Tuong. Ang mga volunteers ay mula sa SMPC, kasama ang ilang pribadong organisasyon, Barangay Local Government Unit (BLGU), at Philippine Coast Guard (PCG).

Sa sama-samang pagkilos, matagumpay na nakolekta ang 100 sako ng basura na may kabuuang bigat na 534.1 kilo upang mapanatiling malinis at ligtas ang baybayin ng isla.

Patuloy na pinagtitibay ng SMPC ang pangako nitong pangalagaan ang kalikasan sa pamamagitan ng mga ganitong inisyatibo. Pinatutunayan nito na ang tunay na pag-unlad ay higit na nagiging makabuluhan kapag kaakibat ang responsableng pangangalaga sa kapaligiran.



Organic Compost, Tinanggap ng BLGU-Semirara

Bilang bahagi ng patuloy na pagsuporta sa pangangalaga ng kapaligiran, pormal na ini-turn over ng SMPC ang 58 sako ng organic compost sa Barangay Local Government Unit (BLGU) ng Semirara, Caluya, Antique noong May 4, 2026.

Tinanggap ni Precy C. Malutao ng BLGU-Semirara ang nasabing donasyon. Gagamitin ang mga organikong pataba para sa pagpapaganda at pagpapanatili ng hardin ng barangay na sumusuporta sa mga inisyatibong nagsusulong ng mas malinis at luntiang kapaligiran.



SMPC, Katuwang sa Pagbubukas ng Palarong Pambarangay 2026

Makulay at puno ng sigla ang naging pagbubukas ng Palarong Pambarangay 2026 ng Brgy. Semirara na ginanap sa SMPC Gymnasium noong June 28, 2026.

Dinaluhan ito ng iba't ibang barangay, institusyon, at organisasyon mula sa Caluya. Nagsimula ang programa sa isang parada mula Semirara Seawall patungong gymnasium na sinundan ng mga pagtatanghal, pagsisindi ng torch, at pormal na deklarasyon ng pagbubukas ng palaro.

Nakiisa sa kompetisyon ang koponan ng SMPC Mineros at Mineras, kung saan nagkaloob din ang kumpanya ng mga uniporme bilang suporta sa mga manlalaro.

Bukod sa aktibong pakikilahok ng mga empleyado sa basketball at volleyball, nagpaabot din ng buong suporta ang SMPC sa pamamagitan ng pagpapagamit ng mga pasilidad nito bilang venue ng mga laro.

Sa pamamagitan ng inisyatibong ito, higit na napapalakas ang pagkakaisa, sportsmanship, at magandang ugnayan ng kumpanya at ng pamayanan.





Bolo Food Processing Facility Extension, Pormal Nang Natapos

Bilang bahagi ng patuloy na suporta sa mga programang pangkabuhayan, natapos ng SMPC ang pagpapalawak ng Bolo Food Processing Facility sa Sitio Lower Bolo, Brgy. Tinogboc, Caluya, Antique noong April 21, 2026.

Ang nasabing extension, na may sukat na 6.040mx3.350m, ay magsisilbing karagdagang espasyo para sa pagproseso ng seaweed chips. Inaasahang mapapabilis nito ang produksyon, mapapanatili ang kalidad ng mga produkto, at

makatutulong sa mga benepisaryo na mas matugunan ang lumalaking demand ng merkado.

Sa pamamagitan ng pasilidad na ito, patuloy na isinusulong ng SMPC ang pagpapalakas sa sektor ng kabuhayan upang mabigyan ang mas maraming residente ng pagkakataong mapaunlad ang kanilang pamumuhay tungo sa mas matatag na kinabukasan.





SUSTAINABILITY PUZZLE

T T I W O R K S H O P H X V S W N B N Y
 M I S D R A U G L L U K S R H O E O T V
 Y K A F C E D B T K Q D P R I Z Y Q N G
 B I R A Y H K Q R B V P Q T P S M K E N
 N U N D E R W A T E R X A E A U N W M I
 A S N L V S D D P H L D Y L L S Q D I L
 A H J I M O D E L I N G U T T S W T D L
 D O M S F K Y G X E T G I E Q M N P E E
 N V Y T R O C S M E E P M I N E R O S B
 A E T A E G R M Q R A B K O M S M Q C A
 H L R N G D O M P R O C E S S I N G O L
 A H O D N C N I T X U N S C I R S G N M
 K R P A E K E I O L L E O N I Y G O N E
 V A S R S K T R V R S L D I V N I X H R
 R N N D S E O J E S W U A T T S A Y S K
 D I A S A R O M A M S I Q W N A Z G L A
 Z B R Y P U M Z A T O R I E A K R P R D
 M E T Q L U T F R T R N T S Q E V E Z O
 J W C C S J C Y D J S X Y Q I W S J P O
 U K E G M T J H K P E U H E S P A S Y O

KOMATSU
 SUMMER
 PROCESSING
 KAHANDAAN
 EXTENSION
 SKULLGUARDS

SEAWALL
 MULTIPARTITE
 WEBINAR
 TRANSPORT
 OPERATION
 ORGANIC

INDUSTRY
 SHOVEL
 STANDARDS
 LABELLING
 RECOMMENDATION
 BIRAY

PASSENGER
 UNDERWATER
 ESPASYO
 ASSESSMENT
 CEREMONY
 MINEROS

MERKADO
 REGULASYON
 UNIFORM
 SEDIMENT
 WORKSHOP
 MODELING

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

 Community Response Line: 0962 641 7429
 Email: communityrelations@semirarampcsite.com
 www.semiraramining.com

 facebook.com/SMPCEmpoweringOthers
 linkedin.com/company/semirarampc
 youtube.com/semirarampc

